

Ang Mga Bakuna para sa COVID-19 ay Ligtas at Mabisa

Malinaw ang Agham: Mas Marami ang Mga Benepisyo ng Pagpapabakuna kaysa sa Mga Panganib Nito



Sino ang kwalipikado para mabakunahan/mabigyan ng booster?

Ang lahat ng nasa edad na 6 na buwan at mas matanda pa ay dapat makakuha ng pangunahing serye ng bakuna para sa COVID-19. Kasama sa pangunahing serye ang karagdagang dosis para sa mga taong humina ang resistensya o immune system (immunocompromised).

Ang mga tao ay dapat kumuha ng UNANG booster dose KUNG:

- Sila ay nasa edad na 5 at mas matanda pa at nakatanggap ng kanilang pangalawang dosis ng Pfizer nang hindi bababa sa 5 buwan na ang nakalipas, o
- Sila ay nasa edad na 18 at mas matanda pa at nakatanggap ng kanilang pangalawang dosis ng Moderna nang hindi bababa sa 5 buwan na ang nakalipas, o
- Sila ay nasa edad na 18 at mas matanda pa at nakatanggap ng unang dosis ng bakuna ng Johnson & Johnson/J&J* nang hindi bababa sa 2 buwan na ang nakalipas, o
- Sila ay nasa edad na 5 at mas matanda pa, *humina ang resistensya o immune system (immunocompromised)* at nakatanggap ng kanilang karagdagang pangunahing dosis ng Pfizer o Moderna nang hindi bababa sa 3 buwan na ang nakalipas, o
- Sila ay nasa edad na 18 at mas matanda pa, *humina ang resistensya o immune system (immunocompromised)* at nakatanggap ng kanilang karagdagang pangunahing dosis ng Pfizer, Moderna o J & J* nang hindi bababa sa 2 buwan na ang nakalipas.

Ang mga tao ay dapat kumuha ng PANGALAWANG booster dose KUNG:

- Sila ay nasa edad na 50 at mas matanda pa at nakatanggap ng unang booster ng Pfizer o Moderna nang hindi bababa sa 4 buwan na ang nakalipas, o
- Sila ay nasa edad na 18 at mas matanda pa at nakatanggap ng J & J* para sa pareho nilang pangunahing dosis at unang booster dose.

*Dahil sa panganib ng bihira (ngunit seryosong) hindi magandang epekto (side effect) ng bakuna ng J&J, [inirerekomenda ng CDC na dapat makatanggap ng mRNA \(Pfizer o Moderna\) na booster dose ang mga taong nakatanggap ng bakuna ng J&J](#). Awtorisado pa rin ng FDA ang bakuna ng J&J para sa mga mas pipiliin ito o sa mga hindi makatanggap ng bakuna ng Pfizer o Moderna.

Ligtas at mabisa ba ang mga bakuna para sa COVID-19?

Oo. Ang mga bakuna para sa COVID-19 ng [Pfizer](#), [Moderna](#), at [J&J*](#) ay lubhang mabisa sa pagpigil sa malubhang sakit, pagkakaospital, at kamatayan mula sa COVID-19, ngunit ang Pfizer at Moderna ay maaaring magbigay ng mas magandang proteksyon kaysa sa J&J*.

Ang FDA ay nagbigay ng ganap na pag-apruba para sa bakuna sa COVID-19 ng Pfizer para sa mga tao na nasa edad na 12 taong gulang at pataas. Ang Pfizer ay may Awtorisasyon para sa Pang-emergency na Paggamit (Emergency Use Authorization, EUA) para gamitin sa mga bata at kabataan na nasa edad na 6 na buwan hanggang 11 taon. Inaprubahan ang bakuna ng Moderna para sa mga taong nasa edad na 18 at mas matanda pa at inawtorisahan ito para sa mga bata at kabataan na nasa edad na 6 na buwan hanggang 17 taong gulang. Ang bakuna para sa COVID-19 ng Johnson & Johnson* (J&J) ay may EUA mula sa Food and Drug Administration (FDA) para sa mga taong nasa edad na 18 at mas matanda pa.

Ang iba't ibang grupo ng edad ay nakakakuha ng iba't ibang dosis depende sa kung anong dosis ang pinag-aralan sa bawat klinikal na pagsubok. Mas maliit na dosis ang nakakuha ng mga mas bata kaysa sa mga bata at kabataan na mas matanda.

Ligtas ba ang mga bakuna para sa COVID-19 para sa mga taong buntis at/o nagpapasuso?

Oo. Maaaring makatulong ang bakuna para sa COVID-19 sa pagprotekta laban sa malubhang sakit para sa mga taong buntis at/o nagpapasuso, sinusubukang magbuntis, o posibleng magbuntis sa hinaharap. Dahil sa mga pagbabago sa katawan mula sa pagbubuntis, ang mga buntis at mga nagbuntis kamakailan ay mas malamang na magkasakit nang malubha ng COVID-19 kumpara sa mga hindi buntis.

Para sa higit pang impormasyon, pakitingnan ang [COVID-19 Vaccines While Pregnant or Breastfeeding \(CDC\)](#).

Ang Mga Bakuna para sa COVID-19 ay Ligtas at Mabisa

Malinaw ang Agham: Mas Marami ang Mga Benepisyong Pagpapabakuna kaysa sa Mga Panganib Nito



Gaano ako katagal dapat maghintay upang makuha ang aking pangalawang dosis ng Pfizer o Moderna?

Ang inirerekomendang panahon sa pagitan ng 1 at dosis 2 ay 3 linggo (21 araw) para sa Pfizer at 4 na linggo (28 araw) para sa Moderna para sa lahat ng tao na:

- Humina nang katamtaman hanggang sa malubha ang resistensya o immune system (immunocompromised), o
- Edad na 65 at mas matanda pa, o
- Nangangailangan ng mabilis na proteksyon dahil sa mga alalahanin tungkol sa pagkaka-expose sa COVID-19 o panganib na magkaroon ng malubhang sakit.

Binago kamakailan ng CDC ang mga rekomendasyon nito upang payagan ang hanggang 8 linggo sa pagitan ng mga dosis ng Pfizer o Moderna para sa iba pang tao, tulad ng mga lalaki na nasa edad na 12 hanggang 39 na taon dahil sa maliit na panganib ng myocarditis pagkatapos matanggap ang mga bakuna. Ang mas mahabang pagitan ng mga dosis ay maaari ring dagdagan ang bisa ng bakuna. Kausapin ang inyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kayong mga tanong sa kung kailan kayo dapat makakuha ng inyong pangalawang dosis. Makikita ang overview ng mga rekomendasyon para sa pagbabakuna para sa COVID-19 sa [website ng CDC](#).

Maaari ba akong makakuha ng booster dose kung ang pangunahing serye ng aking bakuna ay hindi awtorisado sa Estados Unidos?

Ang mga taong nasa 5 taong gulang at mas matanda pa na nakumpleto ang mga bakuna (fully vaccinated) na may bakunang awtorisado ng WHO (tulad ng Astra Zeneca) o bilang bahagi ng isang klinikal na pagsubok ay maaaring makakuha ng booster dose ng Pfizer o Moderna nang hindi bababa sa 5 buwan pagkatapos ng kanilang pangunahing serye.

Kung kailangan ko ng booster dose, ibig sabihin ba noon ay hindi gumagana ang mga bakuna?

Gumagana nang mahusay ang mga bakuna para sa COVID-19 para maiwasan ang malubhang sakit, pagkakaospital at pagkamatay dahil sa COVID-19. Gayunpaman, ang mga eksperto sa kalusugan ng publiko ay nagsisimulang makakita ng nabawasang proteksyon sa katagalan laban sa hindi malubha at katamtamang sakit, lalo na sa mga populasyon tulad ng mas matatanda at ang mga mayroon nang mga umiiral na medikal na kondisyon.

Ano ang mga posibleng hindi magandang epekto (side effects) mula sa mga bakuna para sa COVID-19?

Ang ilang mga tao ay nakaranas ng mga side effect, tulad ng pansamantalang pananakit o pamamaga sa braso kung saan sila nakatanggap ng bakuna, lagnat, giniginaw, pagkapagod, at/o sakit ng ulo. Kasama sa mga side effect sa mga sanggol at mas bata ang pagiging irritable, umiiyak, hindi makatulog, at walang ganang kumain.

Normal ang mga side effect na ito para sa anumang bakuna at inaasahan ito habang bumubuo ang katawan ng mga selula para labanan ang COVID-19.

Ang Mga Bakuna para sa COVID-19 ay Ligtas at Mabisa

Malinaw ang Agham: Mas Marami ang Mga Benepisyo ng Pagpapabakuna kaysa sa Mga Panganib Nito



Kung ang mga bata at kabataan ay mayroong mas mababang panganib mula sa malubhang impeksiyon ng COVID-19, bakit nila kailangang magpabakuna?

Inirerekomenda ng CDC at ng American Academy of Pediatrics na magpabakuna ang lahat ng kwalipikadong bata laban sa COVID-19. Bagaman mas mababa ang panganib ng mga bata at kabataan na magkasakit nang malubha mula sa COVID-19 kumpara sa mga nasa hustong gulang, sila ay maaaring:

- Magkasakit nang malubha mula sa COVID-19, kasama ang pangangailangan na maospital. Ang mga batang may mga umiiral na medikal na kondisyon ay mas mataas ang panganib na magkaroon ng malubhang sakit, ngunit isang-ikatlo ng mga bata at teenager na naospital ang WALANG mga umiiral na medikal na kondisyon
- Magkaroon ng mga malubhang komplikasyon tulad ng ng multisystem inflammatory syndrome (MIS-C)— isang kondisyon kung saan namamaga ang iba't ibang bahagi ng katawan, kasama ang puso, baga, bato, utak, balat, mata, o mga organ na panunaw ng pagkain (gastrointestinal).
- Magkaroon ng mga komplikasyon pagkatapos magkaroon ng COVID, tinatawag din na “matagal na COVID”.
- Magkalat ng COVID-19 sa ibang tao, kasama ang mga mahinang miyembro ng kanilang pamilya.
- Hindi makapasok o makadalo sa paaralan, sa sports, mga extracurricular na aktibidad at iba pang mahalagang kaganapan kung magkakasakit sila nito.

Nagkaroon ako ng COVID-19. Kailangan ko pa rin ba ng bakuna?

Oo. Maaaring magkaroon ng COVID-19 ang mga tao nang mahigit sa isang beses. Inirerekomenda ng CDC na magpabakuna ang lahat ng nasa edad na 6 na buwan at mas matanda pa, kahit na nagkaroon na sila ng COVID-19. Hindi namin alam kung gaano katagal mapoprotektahan ang isang tao laban sa pagkakasakit muli pagkatapos na gumaling mula sa virus.


Hindi masasabi sa amin ng mga kasalukuyang pagsusuri ng antibody kung ang isang tao ay protektado mula sa pagkakaroon ng isa pang impeksiyon ng COVID-19. Hindi rin namin alam kung ang nabuong panlaban ng katawan sa sakit (immunity) laban sa isang strain ay magbibigay ng sapat na proteksyon laban sa mga bagong variant.

Bihira ang mga malubhang hindi mangandang pangyayari pagkatapos ng pagpapabakuna para sa COVID-19.

Nalaman ng FDA na ang mga benepisyo ng mga bakuna ay marami pa rin kaysa sa mga panganib nito. Ang panganib na magkaroon ng malubhang sakit, pagkakaospital o pagkamatay mula sa COVID-19 sa mga taong hindi nabakunahan/nabigyan ng booster ay higit na mas mataas kaysa sa anumang panganib na magkaroon ng mga malubhang side effect mula mismo sa mga bakuna para sa COVID-19. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [FAQs About COVID-19 Vaccination \(CDC\)](#).

Ang Mga Bakuna para sa COVID-19 ay Ligtas at Mabisa

Malinaw ang Agham: Mas Marami ang Mga Benepisyo ng Pagpapabakuna kaysa sa Mga Panganib Nito



Dapat kayong magpatingin kaagad sa doktor kung mayroon kayo ng alinman sa mga sintomas na inilarawan sa ibaba pagkatapos ng pagpapabakuna:

Nagkaroon ng bihira pero malubhang uri ng pamumuo ng dugo, [Thrombosis with Thrombocytopenia Syndrome \(TTS\)](#), sa maliit na bilang ng mga taong nakatanggap ng bakuna ng J&J.

Kasama sa mga sintomas ang kapos na paghinga; pananakit ng dibdib, pamamaga ng binti; patuloy na pananakit ng tiyan, matitinding sakit ng ulo, o malabong paningin; madaling magkapasa o maliliit na spot ng dugo sa ilalim ng balat nang lampas sa lugar kung saan binakunahan. Hindi nakakita ng nadagdagang panganib para sa TTS sa mga bakuna ng Pfizer o Moderna, kaya inirerekomenda na ngayon ng CDC na gamitin ang bakuna ng Pfizer o Moderna sa lahat ng kwalipikadong tao kung maaari, kasama ang mga booster dose.

Nagkaroon din ng mga bihirang pangyayari ng [Guillain-Barré Syndrome \(GBS\)](#) sa maliit na bilang ng mga tao nanakatanggap ng bakuna ng J&J. Ang GBS ay isang bihirang sakit sa nervous system na maaaring magdulot ng paghina ng kalamnan, o sa karamihan ng malubhang kaso, ay pagkaparalisa. Kadalasang nagsisimula ang mga sintomas sa loob ng 1-2 linggo pagkatapos mabakunahan pero maaari rin itong lumabas nang mas huli pa doon. **Kasama sa mga sintomas** ang panghihina o panginigimay, lalo na sa mga binti o braso, na maaaring lumubha at kumalat sa iba't ibang bahagi ng katawan.

May mga kaso ng myocarditis (pamamaga ng puso) at pericarditis (pamamaga sa sac sa paligid ng puso) sa kabataan pagkatapos makakuha ng mRNA na bakuna tulad ng Pfizer. Ang mga ito ay karamihan sa mga lalaking teenager at kabataang nasa hustong gulang sa loob ng ilang araw matapos makakuha ng pangalawang dosis ng bakuna. **Kasama sa mga sintomas** ang pananakit ng dibdib, kapos na paghinga, o pakiramdam ng mabilis na pagtibok, hindi regular na pagtibok o malakas na pagtibok ng puso. Naging maganda ang resulta ng paggamot at pagpapahinga sa karamihan ng kabataang nakatanggap ng pangangalaga at mabilis na bumuti ang pakiramdam.

Ang myocarditis at pericarditis ay mas bihira pagkatapos makakuha ng booster dose. Inirerekomenda pa rin ng CDC at ng American Academy of Pediatrics at iba pa na magpabakuna ang sinumang nasa edad na 6 na buwan at mas matanda pa dahil mas marami ang mga benepisyo kaysa sa mga panganib.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [Myocarditis and Pericarditis Following mRNA COVID-19 Vaccination \(CDC\)](#).

Sino ang nangangailangan ng karagdagang (pangatlong) dosis ng bakuna para sa COVID-19 (hindi booster)?

Para makuha ang kumpletong benepisyo ng pagpapabakuna, inirerekomenda ng CDC na ang mga tao na humina nang katamtaman hanggang sa malubha ang resistensiya o immune system (immunocompromised) ay dapat makatanggap ng karagdagang dosis ng bakunang mRNA nang hindi bababa sa 28 araw **pagkatapos ng kanilang pangalawang dosis ng bakuna ng Pfizer o Moderna** o 28 araw **pagkatapos ng kanilang unang dosis ng J & J.**


Kasama rito ang mga bata na nasa edad na 6 na buwan hanggang 4 na taon na nakatanggap ng pangunahing serye ng Moderna at mga taong may edad na 5 at mas matanda pa na nakumpleto ang anumang pangunahing serye NA:

- Tumatanggap ng aktibong paggamot sa kanser para sa mga bukol (tumor) o mga kanser ng dugo
- Nakatanggap ng organ transplant at umiinom ng gamot para humina ang resistensiya (immune system)
- Nakatanggap ng stem cell transplant sa loob ng nakalipas na 2 taon o umiinom ng gamot para humina ang resistensiya (immune system)
- Mayroong katamtaman o malubhang primary immunodeficiency (tulad ng DiGeorge syndrome, Wiskott-Aldrich syndrome)
- Advanced o hindi nagamot na impeksiyon ng HIV
- Mayroong aktibong paggamot sa pamamagitan ng mataas na dosis ng corticosteroids o iba pang gamot na maaaring magpahina ng pagtugon ng iyong resistensiya o immune system

Dapat kausapin ng mga tao ang kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kanilang medikal na kondisyon, at kung naaangkop sa kanila ang pagkuha ng karagdagang dosis.

Ang Mga Bakuna para sa COVID-19 ay Ligtas at Mabisa

Malinaw ang Agham: Mas Marami ang Mga Benepisyo ng Pagpapabakuna kaysa sa Mga Panganib Nito



Paano nabuo nang mabilis ang mga bakuna?

Bagaman nakita lamang ang virus na nagdudulot ng COVID-19 (SARS-CoV-2) noong Disyembre 2019, gumagawa na ang mga siyentipiko sa buong mundo ng mga bakuna para sa katulad na virus mula pa noong 2007. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [Developing COVID-19 Vaccines](#).

Ang mga booster dose ba ay iba sa mga inisyal na dosis?

Ang booster ng Moderna ay kalahati ng dosis ng serye ng orihinal na bakuna. Ang mga booster ng Pfizer at J&J ay parehong dosis ng (mga) unang dosis. Ang mga kabataan na nasa edad na 5 hanggang 17 ay maaari lang makatanggap ng booster ng Pfizer. Ang sinumang nasa edad na 18 taong gulang at mas matanda pa ay maaaring piliin kung aling booster ang matatanggap, na minsan ay tinatawag na “pagpapalit ng halo (mixing and matching)”.

Maaari ba akong kumuha ng booster dose na iba sa aking unang bakuna para sa COVID-19?

Ang ilang tao ay maaaring mas gustong makakuha ng booster dose ng parehong uri ng bakuna na una nilang natanggap. Ang ibang tao ay mas gustong makakuha ng booster dose na iba sa orihinal na uri ng kanilang bakuna.

Dahil sa panganib ng bihira (ngunit seryosong) hindi side effect ng bakuna ng J&J, [inirerekomenda ng CDC](#) na dapat makatanggap ng mRNA (Pfizer o Moderna) na booster dose ang mga taong nakatanggap ng bakuna ng J&J.

Maituturing pa rin ba akong “fully vaccinated” kung hindi ako kukuha ng booster dose?

Oo. Sa ngayon, ang lahat ay itinuturing na fully vaccinated dalawang linggo pagkatapos ng kanilang pangalawang dosis sa isang dalawang dosis na serye, tulad ng mga bakuna ng Pfizer o Moderna, o dalawang linggo pagkatapos ng isang dosis na bakuna, tulad ng bakuna ng J&J. Gayunpaman, ang pagiging fully vaccinated **AT** nabigyan ng booster ay nananatili pa ring pinakamagandang paraan para maprotektahan ang sarili mo sa malubhang sakit, pagkakaospital at pagkamatay dahil sa COVID-19, at para mabawasan ang pagkalat ng virus.

Saan ako maaaring makakuha ng bakuna o booster para sa COVID-19?

Maraming lugar para makatanggap ng libreng bakuna para sa COVID-19 o booster dose. Wala sa Mga Klinika sa Pagpapabakuna sa Komunidad ng Alameda County ang nanghihingi ng ID, insurance, o appointment.

Para sa kumpletong listahan ng mga lugar para magpabakuna na malapit sa iyo, tingnan ang [Alameda County Vaccine Availability](#) o pumunta sa <https://linktr.ee/AlamedaCountyOHE>

Para makakuha ng tulong sa pag-schedule ng libreng appointment para sa bakuna, tumawag sa: 510-268-2101.



**ALAMEDA COUNTY HEALTH CARE SERVICES AGENCY
PUBLIC HEALTH DEPARTMENT**

Colleen Chawla – Agency Director
Kimi Watkins-Tartt – Director
Nicholas Moss, MD – Health Officer

Contact

Public Health Department:
(510) 267-8000 Main Line

COVID-19 Information:
(510) 268-2101

www.acphd.org